**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# WIKA AT KULTURA

**ni: RACHELLE ALDAY GERVACIO**

Sa bawat salitang ating binibigkas,

Kultura'y sumasalamin, malinaw na bakas,

Tulad ng alon sa dagat na walang wakas,

Wika'y taglay ang ating kwento't lakas.

Mga tradisyon sa wika'y nakaukit,

Bawat kasabihan sa puso'y nakasabit,

Mula sa mga ninuno, kultura'y isinalin,

Gamit ang wika, ito'y sinasalamin.

Katutubong pantig, sa wika'y naririnig,

Pambansang pagkakakilanlan, sa dilay pumipintig.

Sigaw ng mga titik, diyalektong iba't-ibang himig;

Bakas ang mayamang kultura at kasaysayan tumatatak sa puso't isip.

Kaya't ating pakatatandaan, wika ay pangalagaan

Sapagkat puso ng kultura'y ito ang laman;

Salamin ng buhay istorya at pagkakakilanlan;

Kultura ko, wika ko, Filipino Ako!

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza